

# Mas Maraming Paraan para Makaboto sa Inyong Probinsya sa 2020!

## Ano ang nangyayari sa kung paano ako bumoboto?

Ang Voter's Choice Act, isang batas na ipinasa noong 2016, ay nagsagawa ng agresibong mga pagbabago sa kalakaran ng botohan sa ilang probinsya sa California. Sa 2020, 15 probinsya ang magpapatupad sa mga bagong modipikasyong ito: Ang Amador, Butte, Calaveras, El Dorado, Fresno, Los Angeles,<sup>1</sup> Madera, Mariposa, Napa, Nevada, Orange, Sacramento, San Mateo, Santa Clara, at Tuolumne. Dagdagan ang nalalaman sa [voterschoice.org](http://voterschoice.org).

## Paano ito gumagana?

- Ang lahat ng nakarehistrong botante ay awtomatikong makakatanggap ng boto sa pamamagitan ng balota sa koreo at sila ay may tatlong paraan para makaboto.
  1. Isauli ang inyong balota sa pamamagitan ng koreo (hindi kailangan ng selyo).
  2. Ihulog ang iyong balota sa isa sa maraming ligtas na mga drop box sa inyong buong probinsya (hindi kailangan ng selyo).
  3. Bumoto nang personal o ihulog ang inyong balota sa isang center ng pagboto.

## Ano ang mga center ng pagboto at ano-anong benepisyo ang iniaalok ng mga ito?

Pinapalitan ng mga center ng pagboto ang mga presinto. Sa isang center ng pagboto, pwede kayong magka-access sa:

- **Maagang pagboto** - Ang ilang center ng pagboto ay bukas 10 araw bago ang Araw ng Eleksyon at ang lahat ng center ng pagboto ay bukas 3 araw bago ang Araw ng Eleksyon.
- **Kadaliaang bumoto sa kahit anong lokasyon** - Bumoto saanmang center ng pagboto sa inyong probinsya, hindi lang doon sa pinakamalapit sa inyong bahay.
- **Pagpaparehistro ng botante sa mismong araw** - Magparehistro at bumoto sa parehong araw saanmang center ng pagboto, kahit lumipas na ang katapusang petsa ng pagpaparehistro ng botante.
- **Suporta** - Ang mga center ng pagboto ay nag-aalok ng tulong sa pagsasaling-wika at access sa maraming voting machine.

## Ano ang pwede kong gawin para maibalita ito?

Tumulong sa pagbabalita ng mga pagbabagong ito para maiwasan ang pagkalito at para matiyak na ganap na magka-access ang ating mga komunidad sa kanilang boto. Narito ang ilang paraan para makasali:

- Mag-host ng mga event at magbahagi ng impormasyon sa inyong komunidad tungkol sa maraming paraan ng pagboto.

---

<sup>1</sup> Ang mga botante sa LA County ay makakatanggap lang ng vote-by-mail (VMB) na balota kung sila ay VMB na botante na o kung hihiling ng VBM na balota.

- **Sumali sa Language Access Advisory Committee (LAAC) ng inyong bansa**, para makapagpayo sa tanggapan ng eleksyon ukol sa pagtulong at ukol sa access na maaaring matanggap ng mga botanteng limitado ang kaalaman sa English.
- **Sumali sa Voters Access Advisory Committee (VAAC) ng inyong bansa**, para makapagpayo sa tanggapan ng eleksyon ukol sa pagtulong at ukol sa access na maaaring matanggap ng mga botanteng may mga kapansanan.



### **Paano ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?**

Makipag-ugnayan kay Nicole Wong, ang Voting Rights & Census Community Advocate ng Asian Americans Advancing Justice – Asian Law Caucus: [nicolew@advancingjustice-alc.org](mailto:nicolew@advancingjustice-alc.org), 415-848-7715.